

# 1

Pagbaba pa lamang mula sa maliit na ferry na sinakyan ni Lily mula Lucena hanggang Concepcion, Romblon ay hindi na mabawasan ang kabang nadarama niya. Bukod kasi sa balitang ipinarating sa kanya ng Lolo Juancho niya na may isang babae na dinukot ng mga rebelde noong nakaraang apat na buwan ay kinakabahan siya sa rason ng kanyang agaran na pag-uwi sa farm mula Maynila.

Ilang libong beses niyang pinag-isipan kung makabubuti ba sa kanya at sa lahat ang naging desisyon niya na bumalik na lamang sa farm ng kanyang lolo kaysa makipagsapalaran sa Maynila lalo na sa kondisyon niya ngayon.

Hindi maiwasan ng dalaga na suriin sa sariling kalooban kung magagawa ba niyang ipagtapat sa matanda ang tunay na kinasangkutan niya sa Maynila habang nasa huling semestre sa pag-aaral. Alam niyang hindi ito matutuwa sa ginawa niyang pag-uwi dahil dalawang buwan pa ang natitira bago siya makapagtapos sa kolehiyo.

Subalit hindi na niya makakaya pa ang manatili sa Maynila at sa eskuwelahan sa kabila ng mga nangyari sa kanya roon. Sabihin nang mahina ang loob niya para harapin ang mga pagsubok doon ay alam niyang mas kakayanin niyang solusyunan ang problema kapag naririto siya sa kanlungan ng kanyang lolo

at napapaligiran ng lugar kung saan gamay niya ang bawat tao at bawat kalye.

“Lily!” tawag sa dalaga ng isang tinig-babae.

Nilingon niya ang lugar kung saan narinig niya ang pagtawag sa kanya. Hindi na siya nabigla nang makita si Reeya na nakangiting lumalapit sa kanya.

Si Reeya ang babaeng anak ng nagmamay-ari ng *Rancho Riviera* na ilang milya lamang ang layo mula sa manggahan ng kanyang Lolo Juancho. Hindi masasabing matalik silang magkaibigan ng babae dahil nangibang-bansa ito labing-tatlong taon na ang nakakaraan.

Ganoon pa man ay nagpapasalamat siya nang lubos dahil nagawa nilang buhayin muli ang pagkakaibigan nang imbitahan sila nito ng pinsan niyang si Aleli sa despedida de soltera ni Kanika na siyang napangasawa ng kapatid nitong si Iryal.

“Bakit hindi ka dumalo sa kasal ni Kuya?” may pagtatampong tanong ni Reeya nang makalapit ito sa kanya.

“Alam mo namang nag-aaral ako sa Maynila at kailangan kong bumalik para sa mid-term exams namin,” paliwanag niya.

“Eh, bakit mukha kang maputla at nangayayat? Ganyan na ba ang hitsura ng mga graduating students dahil sa taas ng standard ng pag-aaral ngayon?” puna nito.

Isang kiming ngiti lamang ang rumehistro sa mga labi ni Lily.

Alam niyang hindi siya iniinsulto ni Reeya, kaswal na lamang iyon para sa kanya dahil makikita sa tindig at aura ng kaibigan ang pagiging modelo nito noon kahit sa simpleng kasuotan lamang. Pagmomodelo na tinalikuran ni Reeya para sa tunay na pangarap nito sa buhay at sa pag-ibig sa katauhan ng nobyo nitong si Jace.

“Malapit na bang matapos ’yung resort na ipinagagawa mo?” usisa niya sa kaibigan.

“May mga kubo nang gawa na nakapalibot sa lupa ko sa rancho, ipinauna ko talaga ang mga iyon para habang ginagawa ang main lobby ng spa/resort ay puwede na akong mag-dry run,” paliwanag ni Reeya. “Graduating ka ng Management, di ba? Baka gusto mong mag-apply sa negosyo ko? Actually, kailangan ko talaga ng makakatulong dahil hindi sapat na kami lang ni Jace ang magkatulong sa lahat ng dapat gawin sa negosyo. Isa pa, nasa honeymoon stage pa rin si Kanika kaya hindi ko maasahan. Imagine, nandito nga ako sa pier para lang i-pick-up ’yung mga in-order ko na tiles mula Maynila.”

“Lily!” pukaw ni Lolo Juancho sa pag-uusap ng dalawang dilag.

“Lolo!” masayang bati niya na hindi na nagawang makapagsintabi sa kausap.

Tumakbo siya patungo sa mapagkanlong na mga bisig ng abuelo at doon umiyak nang umiyak. Wala siyang pakialam kung pinagtitinginan siya ng mga taong nasa pier basta nais lamang

niyang ilabas ang bigat ng nasa loob niya. Nakamasid si Reeya sa kanila; ipinagkibit-balikat na lamang nito ang naging reaksyon niyang hindi man lang nakapagpaalam dito pagkakita niya sa matandang lalaki.

Ang pagdating ng kanyang lolo sa pantalan para sunduin siya ay nakapagbigay-tibay sa damdamin ni Lily para sa dinaranas niya ngayon. Ito ang tanging kakampi nila ni Aleli simula nang sabay na pumanaw ang kanilang mga magulang dahil sa paglubog ng ferry na magdadala sa mga ito pabalik rito sa Concepcion mula Maynila. Kaya ganoon na lamang ang hugot niya ng lakas mula sa matandang siyang nag-aruga sa kanya.

“Shh...” pagpapatahan nito sa kanya.

“Lo, I’m so sorry...” hinging-paumanhin niya sa nagawang kasalanan na alam niyang habang-buhay niyang dadalhin sa kalooban.

“Tama na, Lily, naintindihan ko na ang lahat. Ipinaliwanag sa akin ni Aleli sa telepono bago ka pa umuwi rito. Higit sa lahat, Apo, tama ang desisyon mo na umuwi rito sa atin. Hindi kita pababayaan.”

Inalalayan nito ang sumisigok-sigok pa sa pag-iyak na dalaga patungo sa sasakyan na dala nito.

Masakit para kay Lolo Juancho na makitang ganito si Lily na sinusubok ng pagkakataon. Buong akala nito ay ang apo na si Aleli ang uuwi ng Romblon na mayroong bitbit na suliranin

at hindi si Lily. Si Lily na mahinhin sa lahat ng bagay at hindi kakikitaan ng mapangahas na gawain.

Matapos siyang alalayan na makasakay sa loob ng sasakyan ay isang mahabang katahimikan ang bumalot sa kanila hanggang sa marating nila ang mango farm ng mga Zantua.

“Magpahinga ka na, Lily, at ipatatawag na lamang kita sa hapunan. Alam kong pagod ka sa biyahe at baka nakasama pa sa baby ang biglaan mong pag-uwi rito,” tukoy ng matanda sa ipinagdadalang-tao ng apo.

“Lolo...” bulong niya.

“Tapos na ang usapan na ito, Lily; ang batang ’yan ay lalaking puno sa pagmamahal at pag-aaruga. Hindi niya kailanman iisipin na may kulang sa buhay niya at paninindigan ko ’yon. Ako ang tatayong lolo at ama para sa anak mo, kagaya ng ginawa ko para sa inyo ni Aleli.”

Matapos magpasalamat sa napakabuting kalooban nito ay hindi niya muling naiwasan ang mapaluha sa sobrang emosyon na rumaragasa sa kanyang kalooban.

Hindi na niya nagawang sumalo sa hapunan ng kanyang Lolo Juancho dahil sa pagod na naramdaman sa biyahe. Minabuti na lamang niya ang humiga sa kama at ipahinga ang pagal na katawan at isip.

Subalit kahit gaano kalayo ang marating ng kanyang

pagninilay-nilay ay nauuwi pa rin iyon sa isang partikular na tao sa Maynila.

Si Kent.

Kent was the perfect fiancé anyone could have. Guwapo ito; di-hamak na ang lahat ng kababaihan sa kanilang campus ay may lihim na pagtingin sa binata at lihim na inggit sa kanya nang siya ang piliin nito na ligawan at maging nobya.

Matalino; kasamahan niya ito sa academic scholarship na pinagsusunugan niya ng kilay.

Mayaman; panganay na anak ang lalaki ng isang kilalang pamilya na nalilinya sa pulitika.

Maka-masa; kahit na anak-pulitiko ay marunong itong makisama sa lahat ng uri ng taong nakakasalamuha nito.

May ambisyon sa buhay; nais nitong marating ang rurok ng tagumpay sa pamamagitan ng sariling sikap nito.

Ngunit ang ambisyong iyon ni Kent sa buhay ang malaking dahilan kung bakit nagdadalamhati ngayon si Lily. Sa loob ng pagsasama nila ng binata ng dalawang taon bilang magkasintahan ay wala siyang maipupuna sa ugali at katangian nito bilang tao. Pati ang pamilya nito ay maluwa sa kanyang kalooban na kinilala at tinanggap niya nang lubos.

Kaya naman nang dumating ang pagkakataon na gustong tumakbo ng nobyo bilang isa sa mga batang councilors sa lugar

na kinalakihan nito ay sinuportahan niya ito sa abot ng kanyang makakaya.

Hindi niya inakala na iyon pala ang magiging dahilan para magkahiwalay sila. Matatanggap pa niya kung irarason nito sa kanya ang kawalan ng oras nila sa isa't isa at nagawa niyong baguhin ang pagtitinginan nila o dahil sa simpleng kadahilanan lamang na hindi na siya nito mahal.

Ang masakit doon ay sa kadahilanan ng binata na ayaw nitong madungisan ang imahe na ihaharap sa mga tao dahil nagawa nitong mabuntis ang kasintahan. Mas pinili pa nito na maghiwalay sila ng landas at kalimutan siya bilang isang nilalang na hindi naging parte ng buhay nito.

Para sa ambisyon nito na maging isang huwaran na nilalang sa pulitika ay kakalimutan nito na minsan ay naging bahagi siya ng mga araw at gabi nito sa lipunan. Kalilimutan nito na minsan ay maligaya sila sa piling ng isa't isa. At kalilimutan din ng lalaki na minsan ay may isang Lily na pinangakuan nito ng kasal.

Ang pinakamasaklap sa lahat at hindi matanggap ni Lily ay ang talikuran nito nang lantaran ang responsibilidad sa batang dinadala niya. Nagawa nitong ipagpalit ang kaalaman na magiging ama ito para sa ambisyon na maging isang pulitiko.

Paano babalikatin ni Kent ang obligasyon at responsibilidad na iaatang sa mga balikat nito ng mga mamamayang nasasakupan kung ang responsibilidad nito sa sarili bilang isang ama ay hindi

nito kayang harapin?

Hindi niya mapapatawad ang dating kasintahan dahil sa mga rason na ibinigay nito sa kanya bago sila naghiwalay. Isa lamang ang natanim sa utak ng dalaga. Ang katotohanang tinalikuran siya at ang anak nila ni Kent para sa pansariling kapakanan nito. Mas mahalaga pa sa binata ang imahe nito para sa pulitika kaysa sa batang magbubuklod sana sa matibay nilang pagsasama.

Hindi siya matigil sa pagluha tuwing sasagi sa isipan niya ang binata at ang hinaharap ng batang nasa sinapupunan niya.

Mabuti na lamang at may lolo sila ni Aleli na mauuwian dito sa Romblon dahil kapag nagkataon ay hindi niya alam kung paano haharapin ang buhay niya ngayon. Lalo pa't lumaki sila ng pinsan niya na walang kalinga buhat sa mga tunay na magulang.

Paano siya huhubog ng panibagong buhay kung sarili niya ay hindi iyon naranasan mula sa ama at ina na parati na'y parte ng isang masayang pamilya?

“Hatinggabi na pero umiiyak ka pa rin?” Tinig ni Lolo Juancho ang narinig niya.

Hindi namalayan ni Lily na kumatok at pumasok sa silid niya ang matanda. Masyadong matindi ang self-pity niya sa kalagayan.

“Natatakot ako, Lolo. Paano kung hindi ako maging isang mabuting ina?” tanong niya.

“Lahat yata ng magulang ay may takot na naramdaman

sa simula ng pagiging magulang nila. Nandito naman kami ni Aleli at makakaasa ka na susuportahan ka namin ano man ang mangyari,” sagot nito.

“Hindi ko alam kung ano ang gagawin ko,” pahayag niya.

“Mamuhay ka nang normal at huwag mong intindihin ang sasabihin ng mga taong nakapaligid sa ’yo. Maging matibay at matatag ka para sa ’yo at para sa anak mo,” payo ni Lolo Juancho.

“Mamuhay nang normal, paano ko gagawin ’yon kung ngayon pa lang pakiramdam ko’y hindi na normal ang magdalang-tao nang walang ama ang anak ko?”

“Naiintindihan kita, Apo, pero hindi ako papayag na manikluhod ka sa lalaking iyon para lamang may matawag na ama ang batang ’yan. Mas mainam pa na tayo ang magpalaki at mag-aruga sa kanya kaysa naman ang maramdaman niya na hindi siya tanggap ng ama niya.”

“Susubukan ko na kayanin, Lolo. Para sa anak ko ay gagawin at haharapin ko ang lahat,” aniya na may determinasyon sa tinig.

Tumango ito. “Tama. Ibalik mo ang normal na takbo ng buhay at unti-unti’y mararamdaman mo ang kasiyahan na ipinagkakait sa ’yo ngayon ng pagkakataon. Huwag mong isipin na negatibo ang hinaharap dahil isang malaking biyaya ang pagdating ng batang ’yan sa buhay mo.”

Tumayo ang matanda at iniwan siya sa silid. Hindi pa niya

magawang matulog dahil sa samu't saring alalahanin na iniisip niya.

Kung nitong nakaraang dalawang linggo ay umaasa pa siya na magbabago ang isip ni Kent at isang araw ay pupuntahan siya nito sa condominium unit na tinutuluyan nila ni Aleli sa Maynila, ngayon ay hindi na.

Tapos na ang kahit na anong ugnayan na mayroon sila simula nang araw na talikuran sila nito. Bukas ay bagong umaga at bagong araw na ang haharapin niya nang taas-noo at may lakas ang loob. Kailanman ay hindi siya lilingon sa kahapon.